SURAH AL-BAQARAH · 2:255

آيَةُ الْكُرْسِيِّ

Ayatul Kursi sa Tagalog

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْحَىُّ ٱلْقَيُّومُ ۚ لَا تَأْخُذُهُۥ سِنَةٌ وَلَا نَوْمٌ ۚ لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ مَن ذَا ٱلَّذِى يَشْفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذْنِهِۦ ۚ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ ۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَىْءٍ مِّنْ عِلْمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَ ۚ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ ۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفْظُهُمَا ۚ وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْعَظِيمُ ﴿٢٥٥﴾

Pagbigkas

Allahu la ilaha illa huwa, al-hayyul qayyum. La ta'khuzuhu sinatuw wa la nawm. Lahu ma fis-samawati wa ma fil-ard. Man zallazi yashfa'u 'indahu illa bi-iznih. Ya'lamu ma bayna aydihim wa ma khalfahum, wa la yuhituna bishay'im min 'ilmihi illa bima sha'. Wasi'a kursiyyuhus-samawati wal-ard, wa la ya'uduhu hifzuhuma, wa huwal 'aliyyul 'azim.

Kahulugan

Si Allah, walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Laging Buhay, ang Tagapagpanatili ng lahat ng nilikha. Hindi Siya dinadalaw ng antok ni ng tulog. Sa Kanya ang lahat ng nasa mga langit at ang lahat ng nasa lupa. Sino ang makapamamagitan sa harap Niya nang walang pahintulot Niya? Alam Niya ang nasa harapan ng mga tao at ang nasa likuran nila, at wala silang maabot sa Kanyang kaalaman maliban sa anumang loobin Niya. Ang Kanyang Kursi ay sumasaklaw sa mga langit at sa lupa, at hindi Siya napapagod sa pag-iingat sa dalawang ito. Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.

Makinig, basahin ang bawat salita, kumuha ng iba pang format:
ayatulkursi.org/filipino/

Arabe: King Fahd Complex (Mushaf ng Madinah, Hafs), sa pamamagitan ng Quran.com. Pagbigkas at kahulugan: AyatulKursi.org.

Libre · maaaring i-print at ibahagi · hindi ipinagbibili.

May talata ng Qur'an sa pahinang ito; ingatan nang may paggalang.

BAWAT SALITA

Kahulugan ng bawat salita

ٱللَّهُ	**Allahu** Allah
لَآ	**la** wala
إِلَٰهَ	**ilaha** diyos na sinasamba
إِلَّا	**illa** maliban
هُوَ	**huwa** Siya
ٱلْحَيُّ	**al-hayyu** ang Laging Buhay
ٱلْقَيُّومُ	**al-qayyum** ang Tagapagpanatili
لَا	**la** hindi
تَأْخُذُهُۥ	**ta'khuzuhu** dumadalaw sa Kanya
سِنَةٌ	**sinatun** antok
وَلَا	**wa la** at hindi rin
نَوْمٌ	**nawm** tulog
لَّهُۥ	**lahu** sa Kanya
مَا	**ma** anumang
فِي	**fi** nasa
ٱلسَّمَٰوَٰتِ	**as-samawati** mga langit
وَمَا	**wa ma** at anumang
فِي	**fi** nasa
ٱلْأَرْضِ	**al-ard** lupa
مَن	**man** sino
ذَا	**za** iyon
ٱلَّذِي	**allazi** ang
يَشْفَعُ	**yashfa'u** mamamagitan
عِندَهُۥٓ	**'indahu** sa harap Niya
إِلَّا	**illa** maliban
بِإِذْنِهِۦ	**bi-iznih** sa pahintulot Niya
يَعْلَمُ	**ya'lamu** alam Niya
مَا	**ma** anumang
بَيْنَ	**bayna** nasa pagitan
أَيْدِيهِمْ	**aydihim** ng kanilang mga kamay (harapan)
وَمَا	**wa ma** at anumang
خَلْفَهُمْ	**khalfahum** nasa likuran nila
وَلَا	**wa la** at hindi
يُحِيطُونَ	**yuhituna** nakaaabot sila
بِشَيْءٍ	**bishay'in** ng anumang bagay
مِّنْ	**min** mula sa
عِلْمِهِۦٓ	**'ilmihi** Kanyang kaalaman
إِلَّا	**illa** maliban
بِمَا	**bima** sa anumang
شَآءَ	**sha'** niloob Niya
وَسِعَ	**wasi'a** sumasaklaw
كُرْسِيُّهُ	**kursiyyuhu** ang Kanyang Kursi
ٱلسَّمَٰوَٰتِ	**as-samawati** sa mga langit
وَٱلْأَرْضَ	**wal-ard** at sa lupa
وَلَا	**wa la** at hindi
يَـُٔودُهُۥ	**ya'uduhu** nakapapagod sa Kanya
حِفْظُهُمَا	**hifzuhuma** ang pag-iingat sa dalawa
وَهُوَ	**wa huwa** at Siya
ٱلْعَلِيُّ	**al-'aliyyu** ang Kataas-taasan
ٱلْعَظِيمُ	**al-'azim** ang Pinakadakila

Kailan bigkasin

Pagkatapos ng bawat fard na salah

Sinabi ng Propeta ﷺ: ang sinumang bumigkas ng Ayatul Kursi pagkatapos ng bawat fard na salah, walang hahadlang sa kanyang pagpasok sa Paraiso maliban sa kamatayan. Bigkasin nang isang beses, mahina, pagkatapos ng salam.

An-Nasa'i, as-Sunan al-Kubra 9848

Bago matulog

Ang sinumang bumigkas nito pagpunta sa higaan ay magkakaroon ng tagapagbantay mula kay Allah hanggang umaga, at hindi siya malalapitan ng Shaytan.

Sahih al-Bukhari 2311